

## FAQ

## Mga Pagbabagong Darating sa Medicaid

## 1 Sa anong paraan magbabago ang programa ng Medicaid?

Simula sa darating na Abril 2023, sa unang pagkakataon mula noong unang bahagi ng 2020, maaaring ilisin ng mga estado ang Medicaid para sa mga taong natukoy nilang hindi na kwalipikado. Maaaring kailanganin ng mga taong naka-enroll sa Medicaid na magsumite ng kasalukuyang impormasyon tungkol sa kanilang sambahayan at kita upang manatiling naka-enroll sa Medicaid.

Karaniwan na ang ahensya ng Medicaid ng estado ay nangangailangan ng mga naka-enrol na i-renew ang kanilang saklaw kada taon. Pero nang magsimula ang pandemya noong unang bahagi ng 2020, ang Kongreso ay nagpatupad ng mga batas para tulungan ang mga tao na malampasan ang krisis. Isa sa mga batas na iyon ay ang pagbabawal sa mga estado na wakasan ang saklaw ng Medicaid ng mga tao, kaya hindi hinihiling ng mga estado ang mga naka-enrol na dumaan sa taunang proseso ng pag-renew at i-update ang kanilang impormasyon sa pagiging kwalipikado. Ang patakarang ito ay magtatapos simula sa Marso 31, 2023.

## 2 Paano ito makakaapekto sa mga taong pinaglilingkuran mo?

Milyun-milyong tao ang nanganganib na mawala ang kanilang Medicaid. Ang ilan sa mga tao ay mawawalan ng Medicaid dahil hindi na sila kwalipikado (tumaas ang kanilang kita, bumaba ang laki ng sambahayan, atbp.). Ang ilang tao ay mawawalan ng Medicaid kahit na maaari pa rin silang maging kwalipikado para sa Medicaid. Ito ay maaaring mangyari kapag, halimbawa:

- ▷ Hindi sila nakakatanggap ng mga sulat sa pag-renew dahil lumipat sila sa panahon ng pandemya o wala sa bahay, at ang ahensya ng Medicaid ay wala ang kanilang kasalukuyang adres.
- ▷ Ang mga sulat sa pag-renew na natatanggap nila ay nakakalito o nakasulat sa isang wikang hindi nila maintindihan, at ang mga hakbang na kailangan nilang gawin ay hindi malinaw.
- ▷ Sila ay may mga tanong hinggil sa proseso pero hindi maabot ang call center ng ahensya ng Medicaid dahil sa mahabang oras ng paghihintay o limitadong pag-access sa isang telepono.
- ▷ Hindi nila agad ma-access ang mga dokumentong kailangan nila para patunayan ang kanilang pagiging kwalipikado.
- ▷ Ang mga taong nawalan ng kanilang saklaw sa Medicaid sa panahon ng prosesong ito, kung tungkol sa pagiging kwalipikado o sa mga kadahilanan ng proseso, ay maaaring makaranas ng isang agwat sa kanilang saklaw o mawalan ng insurance. Maaari itong maging hadlang para ma-access ang pangangalaga.

## Ano ang magiging mukha ng proseso ng pagsusuri sa pagiging kwalipikado?

Ang mga estado ay mayroong 12 buwan para magsimulang suriin ang pagiging kwalipikado

ng lahat ng kanilang mga naka-enroll, at maaaring magsimula sa Pebrero, Marso, o Abril. Maaari nilang ihinto ang Medicaid para sa mga taong natukoy nilang hindi na magiging karapat-dapat simula sa Abril 1. Karamihan sa mga estadong ito ay ikakalat ang kanilang trabaho sa loob ng 12-buwan. Dapat magsagawa ang mga estado ng pagkalahatang pag-renew sa lahat ng mga naka-enrol gamit ang kasalukuyang impormasyon, pero dapat nilang suriin ang mga mapagkukunan ng electronic na data bago humingi ng impormasyon o mga dokumento sa mga naka-enrol para i-verify ang kanilang pagiging kwalipikado. Kapag kailangan nilang makipag-ugnayan sa naka-enrol, dapat silang magbigay ng hindi bababa sa 30 araw para tumugon. Ito ay nangangahulugan na ang ilang tao ay pwedeng makatanggap ng mga sulat sa mail tungkol sa paparating na pag-renew o mga kahilingan para sa impormasyon kapag malapit na ang katapusan ng PHE na mangangailangan sa kanila na kumilos para mapanatili ang pagkakasaklaw.

4

#### **Ano ang dapat gawin ng mga taong naka-enroll sa Medicaid para manatiling saklaw?**

Ang pinakamahalagang gagawin na dapat gawin ng mga enrollees ay tiyakin na ang ahensya ng Medicaid ng estado ay may kanilang kasalukuyang address sa mailing at numero ng telepono upang makatanggap sila ng mahahalagang paunawa at mga form sa pag-renew. Pwedeng i-update ng mga naka-enrol ang kanilang impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng pagtawag sa ahensya ng Medicaid sa estado o pagbisita sa website ng ahensya. Ang mga estado ay kasalukuyang nagpapadala ng mahahalagang abiso at magsisimulang magpadala ng mga form sa pag-renew sa mailing sa mga darating na buwan. Kapag nakatanggap ang mga tao ng form sa pag-renew, dapat silang tumugon sa pamamagitan ng pagbibigay ng hinihiling na impormasyon o makipag-ugnayan sa isang taong pwedeng tumulong.

## **Dalawang Paraan na ang Iyong Organisasyon ay Makakatulong sa mga Tao na Manatiling Saklaw**

Ang tulong sa outreach at pagpapa-enrol ay susi sa pagtulong sa mga tao na manatiling saklaw

1

### **Outreach**

Para sa karamihan sa naka-enrol sa Medicaid, ang outreach mula sa mga pinagkakatiwalaang organisasyong nakabatay sa komunidad ay maaaring tanging paraan para malaman nila ang tungkol sa mga hakbang na kailangan nilang gawin para mapanatili ang kanilang saklaw ng Medicaid o lumipat mula sa Medicaid patungo sa ibang paraan ng pagsakop.

Ibahagi ang importanteng mga mensaheng ito sa mga taong pinaglilingkuran mo:

- ▷ Kontakin ang ahensya ng Medicaid sa estado ngayon at i-update ang adres mo at numero ng telepono. Pwede mong mahanap ang impormasyon ng iyong ahensya sa estado dito: [medicaid.gov](https://www.medicaid.gov)
- ▷ Abangan ang mga sulat sa mail mula sa ahensya ng Medicaid ng estado. Tumugon sa mga sulat ng pag-renew sa takdang petsa. Pwede ka ring makatanggap ng mga tawag sa telepono, email, at/o mensahe sa text mula sa ahensya ng Medicaid.

- ▷ Maaari kang makakuha ng libreng tulong sa prosesong ito mula sa mga makakatulong sa pagpapa-enrol sa iyong komunidad. Para makahanap ng makakatulong, pumunta sa: [getcoveredamerica.org](http://getcoveredamerica.org)
- ▷ Kung hindi ka na kwalipikado para sa Medicaid:
  - + Pwede kang maging kwalipikado para sa libre o murang health insurance sa pamamagitan ng marketplace na sumasaklaw sa mga bagay gaya ng mga inireresetang gamot, pagbisita sa doktor, pagbisita sa ospital, at higit pa. 4 sa 5 tao ang makakahanap ng plano na mas mura sa \$10 kada buwan [HealthCare.gov](http://HealthCare.gov).
  - + Pwede kang mag-aplay kaagad. Hindi mo na kailangang maghintay para sa bukas na pagpapa-enrol para makapag-enrol sa saklaw ng marketplace.

## 2

### Tulong sa Pagpapa-enrol

Ang mga sulat mula sa ahensya ng Medicaid ay kadalasang nakakalito, kaya maaaring kailanganin ng mga tao ang tulong sa pag-unawa sa mga hakbang na kailangan nilang gawin para mapanatili ang Medicaid o magpa-enrol sa ibang paraan ng saklaw. Ihanda ang pagbibigay ng tulong sa mga tao para maunawaan ang mga sulat na ito, tulad ng kung anong mga dokumento ang kailangan nilang ibigay sa ahensya ng Medicaid para ma-verify ang kanilang pagiging kwalipikado, tulad halimbawa ng mga pay stub.

Kahit pa maraming mga naka-enrol na hindi na kwalipikado para sa Medicaid pero kwalipikado para sa libre o murang insurance na pangkalusugan sa marketplace, maaari pa rin silang mawalan ng insurance kung hindi nila narinig ang hinggil sa marketplace o nahihirapang kumpletuhin ang aplikasyon. Alamin kung saan mo pwedeng i-refer ang mga tao para sa mas malalim na tulong.

Ang libre, walang pinapanigan na tulong ay andito na sa maraming wika sa bawat estado, mula sa mga Navigator at iba pang mga makakatulong sa pagpapa-enrol, at marami ang pwedeng magbigay ng tulong sa telepono o sa pamamagitan ng videoconferencing. Maghanap ng pwedeng tumulong sa komunidad mo sa [localhelp.healthcare.gov](http://localhelp.healthcare.gov) at ipakilala ang iyong organisasyon kung hindi pa kayo nagsasamang gumagawa.

[healthreformbeyondthebasics.org](http://healthreformbeyondthebasics.org) | [beyondthebasics@cbpp.org](mailto:beyondthebasics@cbpp.org)